



Background

Noong Nobyembre 2024, hiniling namin sa mga residente, negosyo at iba pang miyembro ng komunidad na sabihin sa amin kung ano ang gusto nila tungkol sa mga Village ng Vancouver, at kung ano ang makakatulong sa mga lugar na ito na umunlad sa hinaharap.

Ang feedback na iyon, kasama ng higit pang pagsusuri at teknikal na gawain, ay tumulong sa paglikha ng mga umuusbong na direksyon at pagbalangkas ng mga plano sa paggamit ng lupa, na nagpapakita kung saan maaaring matagpuan ang mga bagay tulad ng mga apartment building, tindahan, at serbisyo.

Muli kaming nakikipag-ugnayan ngayon sa publiko. Ang iyong feedback sa mga umuusbong na direksyon ay makatutulong sa paggabay sa draft na plano, na inaasahang isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod sa 2026.

Ano ang mga Village?


Ang mga Village ay nakikita bilang mga lokal na hub kung saan maraming pang-araw-araw na pangangailangan ang maaaring matugunan sa loob ng 5 minutong lakad, roll, o bike ride mula sa tahanan. Sa hinaharap, ang mga lugar na ito ay magkakaroon ng iba't ibang maliliit na tindahan, serbisyo at pinaghalong pabahay hanggang anim na palapag.

Sa pamamagitan ng pagdaragdag ng higit pang mga pagpipilian sa pabahay at serbisyo na malapit sa mga tahanan, pagbibigay puwang para sa mga negosyo at pagpapataas ng kakayahang maglakad at access sa transportasyon, Kumokonekta ang mga Village sa Tatlong Malalaking Ideya ng Vancouver Plan:

- 1 Patas na Pabahay at Mga Kumpletong Kapitbahayan
- 2 Isang ekonomiyang gumagana para sa lahat
- 3 Proteksyon sa klima at ipinanumbalik na mga ecosystem

Ang Programa sa Pagpapalano ng mga Village ay sumasaklaw sa 17 mula sa 25 mga Village na tinukoy sa Vancouver Plan. Magpapatupad ito ng plano para sa lahat ng mga Village, kabilang ang mga detalyadong plano sa paggamit ng lupa na magpapakita kung saan maaaring matagpuan ang mga bagay tulad ng pabahay at mga tindahan.

Timeline





MGA UMUUSBONG NA DIREKSIYON

Pabahay

- Magdagdag ng higit pang mga opsyon sa pabahay tulad ng mga townhouse, multiplex, at apartment building hanggang 6 na palapag.
- I-explore ang lower-market rental housing sa mga gusaling may retail sa ground floor.
- Gumamit ng rezoning na pinasimulan ng Lungsod upang bigyang-daan ang paggawa ng pabahay nang mas madali.

Commercial
(Mga Tindahan at Serbisyo)

- I-require ang ground-floor na retail sa mga mixed-use na gusaling nasa mga pangunahing kalsada.
- Hikayatin ang retail sa magkabilang panig ng mga kalsada.
- Siyasatin ang retail sa mga mas tahimik na kalsadang residensiyal.
- Tukuyin ang mga pagbabagong nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga tindahan ng grocery.

Pampublikong Espasyo

- Gumawa ng masiglang mga pampublikong espasyo na may panlabas na upuan, kainan, at halamanan.
- Magbigay ng espasyo para sa mga pasilidad sa sakayan ng bus tulad ng mga bangko at silungan.
- Pagandahin ang mga kanto sa kalye sa pamamagitan ng mga pagpapaganda sa mga bangketa at aktibong frontage ng gusali.
- Isaalang-alang ang mga pagkakataon sa hinaharap para sa paglikha ng mga plaza ng kapitbahayan.

Mga halimbawa ng mga klase ng pabahay sa mga Village



Detached na Pabahay/Duplex
(1- hanggang 3-palapag)



Mga Multiplex/
Townhouse
(hanggang 3 palapag)



Low-rise
(hanggang 6 na palapag)




Illustration na nagpapakita ng lokal na harapan ng kalsada, bangketa at kalye



Illustration na nagpapakita ng isang social corner sa isang commercial na lugar

Access sa Kalikasan

- Isaayos ang mga ruta ng paglalakad at pagbibisikleta mula sa mga Village hanggang sa mga parke.
- Subaybayan ang pag-unlad upang gabayan ang mga pagpapaganda ng parke.
- Lumikha ng mga tahimik, mga espasyong nakatuon sa kalikasan.
- Humanap ng mga bagong parke at mga greenspace mula sa malalaking site kapag pinaunlad ang mga ito.
- Protektahan at palawakin ang canopy ng puno sa kalye.

Mga Amenidad ng Komunidad

- Sa malalaki o mga kakaibang site, humingi ng kapalit o pagpapaganda ng mga kasalukuyang priyoridad na espasyo para sa komunidad (hal. mga lugar para sa pangangalaga ng bata, panlipunan at pangkultura)
- Payagan ang pansamantalang paggamit para sa sining at kultura ng mga bakanteng komersyal na espasyo.
- Galugarin ang mga oportunidad para sa pampublikong sining sa mga site na pag-aari ng lungsod.
- Makipagtulungan sa mga katutubong omunidad upang tukuyin ang mga lugar na may kahalagahang pangkultura upang isulong ang paglalantad ng kultura.





Paano uunlad ang mga Village?

Ang mga Village ay unti-unting uunlad sa paglipas ng panahon na may pagtuon sa tatlong sumusunod na pangunahing direksiyon upang suportahan ang pagbabago:

1. Paganahin ang isang halo ng mga opsyon sa pabahay mula sa single detached na bahay hanggang sa 6 na palapag na mga apartment
2. Pagsuporta sa higit pang mga tindahan at serbisyo
3. Pagsusulong ng masisiglang pampublikong espasyo




Illustration na nagpapakita kung ano ang maaaring maging hitsura ng Village sa loob ng 10–20 taon, na may halo ng mga gusali. Ang guhit na ito ay para lamang sa mga layunin ng paglalarawan at maaaring maiba sa aktuwal na pagtatayo.

Paano kumonekta ang mga Village sa Vancouver ODP at Plano ng Vancouver

Ang Lungsod ng Vancouver ay lumilikha ng ating unang opisyal na Plano sa Pagpapaunlad (ODP) sa buong lungsod upang gabayan kung paano susulong at magbabago ang ating lungsod sa susunod na 30 taon at higit pa. Binabalangkas nito ang patakaran sa paggamit ng lupa at nagmamapa ng espasyo para sa mga pabahay, trabaho, parke at paaralan habang lumalaki ang lungsod.

Ang draft ng ODP ay binuo batay sa Plano ng Vancouver, na naaprubahan noong 2022 kasunod ng malawak na pakikipag-ugnayan sa mga residente, negosyo, at mga katuwang sa komunidad. Kasama sa draft ng ODP ang lahat ng nilalaman ng Plano ng Vancouver, na nagdaragdag ng mga bagong detalye at impormasyong kinakailangan ng batas ng probinsiya.

Ang mga Village ay isa sa anim na uri ng kapitbahayan na tinukoy sa Plano ng Vancouver at ODP at isang mahalagang bahagi ng pagpapatupad ng parehong plano. Ang Programa sa Pagpapalano ng mga Village ay magbibigay ng mas pang-lokal na impormasyon para sa bawat isa sa mga Village, na gagabay sa kanilang paglago habang nakaayon sa Vancouver ODP.

Kapag pinagtibay ng batas, gagamitin ng Konseho ng Lungsod ang ODP sa mga desisyon sa paggamit ng lupa, tulad ng mga rezoning, na nagbibigay sa mga residente at negosyo ng higit na kasiguruhan habang hinaharap natin ang malalaking hamon tulad ng abot-kayang pabahay, pagbabago ng klima, at katatagan ng ekonomiya.